

# Nag-aalala ka ba para sa iyong personal na kaligtasan?

**May mga taong hindi kumportable sa pagsasapubliko ng kanilang mga detalye sa electoral roll, ngunit hindi iyon nangangahulugang mawawalan sila ng karapatang bumoto.**

Kung nag-aalala ka para sa iyong personal na kaligtasan, o ng iyong pamilya, maaari kang mag-apply na pumunta sa kumpidensyal at hindi naka-publish na roll.

Pananatilihing ligtas ang mga detalye ng iyong enrollment at hindi ibibigay kahit kanino.



**vote.nz**  
**0800 36 76 56**

ROE47B 06/23\_Tagalog

# Nag-aalala ka ba para sa iyong personal na kaligtasan?



**ELECTORAL COMMISSION**  
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI





## Paano kung magbago ang aking mga personal na detalye?

Sa sandaling nasa roll ka na hindi naka-publish, kailangan mong ipagbigay-alam sa amin kung nagbago ang kahit alin sa mga detalye ng iyong enrollment, gaya ng iyong pangalan o address. Maaari mong gawin iyon sa pamamagitan ng pagpunan sa bagong enrollment form at pagbalik nito sa amin. Maaari mo ring hilinging bumalik sa roll na available sa publiko kung magbago ang iyong personal na sitwasyon.

Makipag-ugnayan sa Electoral Commission o mag-email sa amin sa **unpublished.roll@elections.govt.nz** kung kailangan mong gumawa ng kahit anong pagbabago.



## Paano pumunta sa roll na hindi naka-publish

Upang mag-apply sa roll na hindi naka-publish, kumpletuhin ang nakakalakip na form sa brochure na ito at ibalik sa amin:

Kung hindi ka pa naka-enroll, o kailangang i-update ang iyong mga detalye, kailangan mo ring kumpletuhin ang isang enrollment form. Upang makakuha ng enrolment form, piliin ang isa sa dalawang opsyon na ito:

- tumawag sa **0800 36 76 56** at magpapaskil kami ng enrolment form para sa iyo
- i-download ang enrolment form sa **vote.nz** upang kumpletuhin at ibalik sa amin.



## Anong pansuportang impormasyon ang kailangan kong ibigay?

Kailangan mong magbigay ng pansuportang impormasyon na nagpapakita kung bakit mo kailangang magparehistro sa hindi naka-publish na roll. Narito ang ilang mga halimbawa ng uri ng impormasyong isasama: (Hindi mo kailangan ang lahat ng uri ng impormasyong ito upang mag-apply.)

- Isang liham na nagpapaliwanag kung bakit ang iyong trabaho o personal na sitwasyon ay naglalagay sa iyo sa panganib. Ang liham na ito ay maaaring galing sa iyong tagapag-empleyo, abogado, social worker, tagapagtaguyod, o isang tao na kumakatawan sa komunidad.
- Isang kopya ng order sa proteksyon na ipinapatupad sa ilalim ng Family Violence Act 2018.
- Isang kopya ng restraining order ng pagpigil (restraining) na ipinapatupad sa ilalim ng Harassment Act 1997.
- Impormasyon mula sa isang police officer o corrections officer na nagpapaliwanag kung bakit ang paglalathala sa iyong pangalan at address ay makakapinsala sa iyo at sa kaligtasan ng iyong pamilya.

## Complete this form to apply to go on the unpublished roll.

Full name:

Date of birth:

Contact phone number:

Email:

Address where you are enrolled to vote or have applied to enrol:

List the information provided to support your application:

Please tick one of the following:

I am already enrolled to vote

I am not enrolled and I have enclosed a completed enrolment form

Signature

Date

Complete and return to Electoral Commission,  
**PO BOX 3220, Wellington 6140**

Remember to return any information that supports your application to register on the unpublished roll.

For more information visit **vote.nz**



## Paano ako boboto kapag nakatala ako sa hindi naka-publish na roll?

Maaari kang bumoto sa anumang lugar na pagbobotohan sa isang general election o by-election. Kakailanganin mong gumawa ng espesyal na boto dahil hindi isasama ang iyong mga detalye sa naka-print na electoral roll na ginamit upang mag-isyu ng mga voting paper at lugar ng pagboto.

Kakailanganin mong magsagot ng karagdagang form kasama ng iyong papel sa pagboto upang kumpirmahin ang electorate kung saan ka naka-enroll upang bumoto. Hindi mo kailangang kumpletuhin ang address o dating pangalan ng impormasyon sa form kung ayaw mo. Gayunpaman, ang pagbibigay ng impormasyong ito ay tumutulong sa aming kumpirmahin ang iyong pagiging karapat-dapat na bumoto. Kapag pumunta ka sa lugar ng pagboto, may tao na nakatalaga roon na ipapakita sa iyo kung ano ang gagawin.

Upang bumoto sa mga lokal na eleksyon, kailangan mong hilingin sa electoral officer sa iyong lokal na konseho na padalhan ka ng mga voting paper.



**ELECTORAL COMMISSION**  
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI